# LEARNING ACTIVITY SHEET
## Baitang 10 – FILIPINO

Pangalan:________________________ Petsa:__________ Marka:_____________

# LAS # 1 - MITOLOHIYA

**Panuto**: Basahin at unawain ang mga teksto. Isulat sa patlang ang letra ng tamang sagot

***Para sa bilang 1-4***

**Pagkakaiba ng Kulturang Africa at Persia**

***ni Cristopher Sobremesana***

Marami sa atin ang tinitingnan ang kultura bilang isang nakaraang usapin. Ito ay naka-ugat na sa bawat lahi na maaaring talakayin sa paraang konstruktibo.

Umiinog ang pamumuhay at gawi ng mga taga-Africa sa mitolohiya noong unang panahon. Naniniwala sila sa mga diyos-diyosan, mga espiritu at sa mga namatay. Gayundin sa puwersa ng kabutihan at kasamaan. Laging naiuugnay ang mga mitolohiya ng Africa sa bundok, dagat, ilog, puno, tubig, hangin, apoy at supernatural.

Ang Persia ay isa sa may pinakamatandang literatura sa mundo. Marami sa kanilang akda ay naglaho subalit ang kay Achaemenid na naisulat ang natira. Ang pinakaugat ng kanilang panitikan ay nakasentro sa kanilang mga dakilang manunulat at paniniwala.

Sa paglaon ng panahon, mas lalo pang umusbong ang iba't ibang panitikan mayroon ang dalawang bansang ito. Nagbago man ang panahon subalit buhay pa rin ang tinatawag na kultura at paniniwala.

1. Ang lahat ay maaaring nakabatay sa tinatawag na paniniwala, kilos o gawi at kultura ng isang bansa. Alin sa sumusunod ang pagkakatulad ng dalawang bansa ayon sa teksto sa itaas?_______
   A. Naniniwala ang dalawang bansa sa tinatawag na pagkakaisa sa pipiliing lider o pinuno.
   B. Nakabatay sa kanilang kultura at paniniwala ang mga naisusulat na kabahagi ng literatura.
   C. Mayroong pagkakapareho ang dalawang bansa sa pamamagitan ng paniniwalang espiritwal.
   D. Pareho lamang ang tingin sa bawat isa, na kailangang paunlarin ang sarilli at bansa para sa bukas.
2. Ito ay umiikot lamang sa mga espiritu at diyos-diyosan. Alin sa sumusunod ang tinutukoy ng pahayag na ito, na batay sa kultura ng taga-Africa?_______
   A. Ito ay paniniwalang nakaugat sa kanilang mga ninuno.
   B. Nakasentro ang paniniwala sa kanilang pamumuhay na ayon sa kanilang tradisyon.
   C. Ang literatura ng bansang ito ay nakaayon sa proseso ng pagtanggap ng kinagawian.
   D. Makikita ang angking galing sa paraan ng pagsulat ng di kapani-paniwalang kuwento.
3. Alin sa sumusunod na pananaw ang inilalarawan kapag tauhan sa mitolohiya ang pinag-uusapan?
   A. Makikita sa pag-uugali ng tao ang pagsasabi ng tapat.
   B. Marami sa mga paniniwala ay nakabase lamang sa panrelihiyon na aspekto.
   C. Sa katangian at kahinaan ng isang tauhan makikita ang pagiging tapat nito.
   D. Magpaliwanag sa natural na pangyayari ang ugnayan ng tao sa kapuwa niya.

**Ikatlong Markahan Linggo:** 1
**Target na Kasanayan:** Naipaliliwanag ang pagkakaiba at pagkakatulad ng mitolohiya ng Africa at Persia (*F10PN-IIIa-76*), Nabibigyang-puna ang napanood na video clip (*F10PD-IIIa-74*), Napangangatuwiranan ang sariling reaksiyon tungkol sa akdang binasa sa pamamagitan ng debate/pagtatalo) (*F10PS-IIIa-78*).
**Tala ng Guro:**

**(Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili)**

4. Alin sa sumusunod ang tumutukoy sa akdang pampanitikan na Mitolohiya?___
   A. Kuwentong pinagmulan ng mga bagay o lugar.
   B. Ito ang kuwentong kinasasangkutan ng diyos at diyosa.
   C. Ito ang kuwentong ang mga tauhan ay hayop ay mayroong aral sa dulo.
   D. Kuwentong hango sa Bibliya na sangkot ang mga pangaral ni Hesukristo.
5. Ano ang kaisipang nakapaloob sa pahayag na "Bahala na!"?____
   A. alaswerte
   B. lakas ng loob
   C. kawalan ng pag-asa
   D. walang tiyak na patutunguhan
6. Ang mahalagang kaisipan na angkop na iugnay sa ugaling ipinapasa-Diyos ng tao ang kaniyang mga problema ay ___.
   A. mahal ng Panginoon
   B. Diyos ang nakakaalam ng lahat
   C. hindi tayo pababayaan ng Diyos
   D. nasa Diyos ang awa, nasa tao ang gawa
7. Alin sa sumusunod ang HINDI kabilang sa elemento ng mitolohiya? ___
   A. banghay B. kariktan C. tauhan D. tagpuan

***Para sa bilang 8 at 9***

Pasok ang paglago ng ekonomiya noong huling tatlong buwan ng 2017 sa target ng gobyerno, kahit na mas mababa ito sa inaasahan ng merkado. Ayon kay Socioeconomic Planning Sec. Ernesto Pernia, inaasahan ang pagbagal sa paglago ng gross domestic product o GDP kumpara noong 2016 dahil walang dagdag paggastos kaugnay ng halalan.

Lumago ang GDP ng 6.6 porsiyento noong fourth quarter, pasok sa 6.5 hanggang 7.5 porsiyento na target ng pamahalaan, ngunit mas mababa sa 6.7 porsiyento na inaasahan ng mga ekonomista, ayon sa Reuters at Bloomberg.

***Halaw sa 'Paglago ng ekonomiya, pasok sa target ng gobyerno' (ABS-CBN News)***

8. Sa balitang nabasa, alin ang mas binibigyan ng pansin sa ekonomiya ng bansa ayon sa paraan ng pagbabalita?____
   A. Sa paglago ng GDP tataas ang antas ng bilang na mabibigyan ng trabaho sa bansa dahil sa kasalukuyang panahon ay makikita ang disalignment ng mga trabahong nakukuha ng mga bagong gradweyt.
   B. Ang pagtamo ng mas maraming mga investors ng bansa dahil sa pagtaas ng GDP upang mas lalo pang lumago ang merkado na mayroon ang bansang Pilipinas.
   C. Sa balitang ito, ipinapakilala ang mga proyekto ng mga politiko na sadyang kumikita talaga nang todo na depende sa kanilang pagnanais sa buhay.
   D. Tininingnan ng mga taong bayan ang paglago ng ekonomiya ng bansa na ayon sa pangako ng pamahalaan upang dumami ang mga trabahong ibibigay sa mga Pilipino.
9. Alin sa sumusunod ang salik na nakikita ng mga ekonomista ang dapat na target para sa GDP ng bansa ng 2017?
   A. Mayroong 6.5 % na GDP ang bansa nang dahil sa pagpupursige ng pamahalaan na pataas ang bilang ng ekonomiya ng bansa.
   B. Ang inaasahan na target na 6.6% hindi pa rin sapat sa tinatarget ng bansa upang mas lalo pang makita ang pagtaas ng ekonomiya.
   C. Naniniwala ang mga ekonomista na mas mababa pa rin 6.7 % kaysa sa dapat na maging target GDP ng bansa.
   D. Nakikita rin ng mga ekonomista ang 7.5% na target ay masyadong di kapani-paniwala sa dapat na target ng pamahalaan.



**(Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili)**

***Para sa bilang 10 at 11.***
"Pagkabangong-pagkabangon kinabukasan ng umaga, hindi na namin nakuhang sumaglit muna sa kaukulang pook upang tumugon sa tawag ng kalikasan pagkat buhat sa paglabas sa kulambo ay tuwiran na kaming sumugod sa kinatatamnan ng punong saging…"
- ***Mula sa akdang 'Sanaysaging' (p.117, tal. 6)***

10. Alin sa pahayag ang nagsasaad ng makatotohanan na pangyayari sa akda?
    A. Gumigising nang maaga ang tauhan.
    B. Nakatugon sa tawag ng kalikasan.
    C. Nagtungo ang tauhan sa punong saging.
    D. Niligpit ng tauhan ang higaan at kulambo.

11. Alin sa pahayag ang nagsasaad ng **HINDI** makatotohanan na pangyayari sa akda?
    A. Gumigising nang maaga ang tauhan.
    B. Nakatugon sa tawag ng kalikasan.
    C. Nagtungo ang tauhan sa punong saging.
    D. Niligpit ng tauhan ang higaan at kulambo.

12. " *... Ang karunungan ay para sa tao, ngunit huwag mong lilimuting iya'y natatamo ng mga may puso lamang,"* Alin ang binibigyang-diin ng pahayag ayon sa **pangangatwiran**?
    A. Sa tauhan iikot ang panunuri subalit kasangkot ang paligid nito.
    B. Binibigyang-tuon ang saklaw ng paligid ng tauhan tungo galaw nito.
    C. Ang pakikibaka ng tauhan tungo sa kaniyang suliranin at mga nasa paligid nito.
    D. Komunikasyon ng tauhan patungo sa kaniyang diwang nalimot ng panahon.

13. *"Tunay pong hindi ako maaaring umibig ni lumigaya sa sariling bayan ngunit nakahanda akong magtiis at mamatay rito."* Wika ni Elias mula sa kabanata 61. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng pananaw hinggil sa pahayag?
    A. Sa katotohanan ng buhay, laging kasama ang pagsubok sa buhay.
    B. Hindi mabubuo ang pagkatao ng isang indibidwal kung wala ang hirap nito.
    C. Ang paghihirap sa buhay ay mayroong kapalit lalo't higit kung nagsusumikap.
    D. Sa tunay na hamon ng buhay, ito'y isang butil ng buto na ipupunla at aanihin.

***Para sa bilang 14-20.***

***Nikka***: Wasto nga po at tama si Pangulong Arroyo tumakbo sa kongreso at kaniyang ipagpatuloy nasimulan para sa bayan. Marami rin siyang nagawa para sa mga kapampangang gaya ko. Dapat lamang ipagpatuloy ang serbisyo nya sa bayan.
***Marielle***: Tama ba ang aking narinig serbisyo ang iyong ninanais? Hindi ho ba pwedeng magserbisyo sya ng hindi nakaupo sa pulitika?
***Joshua***: Makakapagpasa ba ng batas ang isang ordinaryong mamamayan?
***Johnson***: Ginoong alkalde, aanhin mo ang napakaraming batas kung mismong mga pinuno ay tiwali? hindi kailangan ng bansa at ng Pampanga ang napakaraming batas kailangan ay magaling at di tiwaling pinuno. - ***Sipi mula sa http://lizellet.blogspot.com/2011/05/debate-filipino.html***

14. Anong uri ng pangangatwiran ang isinasaad ng teksto?
    A. nagbibigay ng pahayag
    B. gumagamit ng pagtutulad
    C. katibayan at pagpapatunay
    D. pag-uugnay ng pangyayari sa sanhi

15. Alin sa sumusunod ang naging pokus ng pagtatalo ng mga mag-aaral?
    A. Ang sistema ng kanilang paaralan.
    B. Ang mga tiwaling opisyal na nasa pamahalan.
    C. Ang ilang patakaran ng bansa tulad ng edukasyon.
    D. Ang mga nagnanais na magkaroon ng serbisyo sa gobyerno.



**(Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili)**

16. Ayon sa usapan, alin ang nagpapahayag ng kahulugan ng salitang serbisyo?
    A. Ito ay katapat ng panunugkulan ng isang opisyal sa pamahalaan.
    B. Ito ay dapat na ibinibigay sa mga mamamayan ng namumuno sa bansa.
    C. Ito ay may kaugnayan sa tinatawag na paraan ng panghihikayat sa mga botante.
    D. Ito ay pagbibigay ng karapatang makapamili ng mamumuno sa pamahalaan.
17. Sa kanilang diyalogo, nagkaroon ng konsepto na dapat ang mga nasa pamahalaan ay matuwid sa kanilang pamumuno. Aling reaksyon na mailalahad sa pahayag na ito?
    A. Tinitimbang dito ang pamamalakad ng gobyerno.
    B. Binoto sila ng taumbayan dapat silang maging tapat.
    C. Kailangang ipakita ng lider ang pagiging tapat sa kanilang sarili.
    D. Konsepto ng mga lider sa sinumpaang tungkulin sa bayan at sa Diyos.
18. Tulad ng bansang Pilipinas ay nangangailangan ng matatag, malakas ang loob, at matapang na pinuno upang mapasunod ang lahat ng sinasakupan nito. Alin sa ideya o konsepto ang tamang pangangatwiran?
    A. "Makakapagpasa ba ng batas ang isang ordinaryong mamamayan?"
    B. "…Dapat lamang na ipagpatuloy ang serbisyo nya sa bayan."
    C. "…Hindi ho ba pwedeng magserbisyo sya ng hindi nakaupo sa pulitika?"
    D. "…Hindi kailangan ng bansa at ng Pampanga ang napakaraming batas… magaling."
19. Alin ang tamang pangangatwiran sa pag-uugnay ng pangyayari sa **sanhi**?
    A. "Makakapagpasa ba ng batas ang isang ordinaryong mamamayan?"
    B. "…Dapat lamang na ipagpatuloy ang serbisyo nya sa bayan."
    C. "…Hindi ho ba pwedeng magserbisyo sya ng hindi nakaupo sa pulitika?"
    D. "…Hindi kailangan ng bansa at ng Pampanga ang napakaraming batas… magaling."
20. Alin sa sumusunod ang tamang pangangatwiran na nagbibigay ng pahayag?
    A. "Makakapagpasa ba ng batas ang isang ordinaryong mamamayan?"
    B. "…Dapat lamang na ipagpatuloy ang serbisyo nya sa bayan."
    C. "…Hindi ho ba pwedeng magserbisyo sya ng hindi nakaupo sa pulitika?"
    D. "…Hindi kailangan ng bansa at ng Pampanga ang napakaraming batas… magaling."



**(Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili)**